GRADE IV

# REHIYON XIII- CARAGA

## ALAMIN MO

Pansinin mo ang pag-uusap ng mag-iinang puppet.

Alamin mo ang mga kasagutan sa mga tanong sa kanilang pag-uusap.




Sa pag-aaral ng modyul na ito matututuhan mo ang mga sumusunod:

- *batas na nagtakda sa Caraga*
- *ang mga lalawigan at kabisera*
- *lokasyon at topograpiya*
- *produkto at magagandang tanawin*

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago ka dumako sa araling pag-aaralan mo, sagutin mo ang mga sumusunod na pagsasanay na ukol sa ARMM (Autonomous Region in Muslim Mindanao) upang masukat ang iyong kaalaman. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

A. Panuto: Tukuyin ang hinihinging impormasyon sa bawat bilang.

1. Ang mga lalawigan sa rehiyon ng ARMM.

   a. __________ b. __________ e. __________
   c. __________ d. __________

2. Ang mga kabisera ng maga lalawigang matatagpuan sa ARMM.

   a. __________ b. __________ e. __________
   c. __________ d. __________

3. Magagandang tanawin sa Rehiyong ARMM.

   a. __________ b. __________ e. __________
   c. __________ d. __________

B. Pagtapat-tapatin: Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A. Isulat ang titik ng wastong sagot sa kuwaderno.

| | Hanay A | Hanay B |
|---|---|---|
| _____ | 1. Pinakamalaking lawa sa Mindanao | a. Tawi-Tawi |
| | | b. Lawa ng Lanao |
| _____ | 2. Ang ibig sabihin ng “sug” | c. agos ng tubig |
| _____ | 3. Tawag sa maalamat ng ibon ng mga Maranaw | d. pagsisid ng perlas |
| _____ | 4. Pangalawang industriya sa Sulu | e. sarimanok |
| _____ | 5. Ang pinakamalayong lalawigan | f. Sulu |

C. Sagutin sa isang buong pangungusap ang sumusunod na katanungan. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng ARMM?
   ______________________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Anong batas ang nagtakda sa Autonomous Region in Muslim Mindanao? ___________________________________________
   _____________________________________________________________

3. Sino ang namumuno sa ARMM? Ano-ano ang mga tungkulin nito? _____________________________________________________________
   _____________________________________________________________


4. Ano ang tungkulin ng Sangguniang Pampook? ____________________
   _____________________________________________________________
   _____________________________________________________________

5. Bakit sinasabing sentrong pangkultura ng mga Muslim ang Lungsod ng Marawi sa Lanao del Sur? _____________________________________
   _____________________________________________________________
   _____________________________________________________________

6. Ano ang relihiyon ng mga Muslim? ______________________________
   _____________________________________________________________

**PAG-ARALAN MO**

Pansinin mo ang mapa sa ibaba. Iyong alamin ang mga lalawigan at kabisera ng Caraga.




Nabuo ang Rehiyon XIII o CARAGA Administrative Region sa bisa ng Batas Republika Blg. 7901. Nilagdaan ito ni Pangulong Fidel V. Ramos noong Pebrero 23,

1995,. Ito ay ipinatupad upang mapabilis ang serbisyo at pag-unlad ng rehiyon. Ang Lungsod ng Butuan ang sentro ng nasabing rehiyon.

**Lalawigan, Kabisera at Sukat ng Lawak ng Lupa sa Kilometrong Parisukat**

| Lalawigan | Kabisera | Lawak ng Lupa sa Kilometrong Parisukat |
|---|---|---|
| 1. Agusan del Norte | Lungsod ng Butuan | 2,590.0 $km^2$ |
| 2. Agusan del Sur | Prosperidad | 8,965.5 $km^2$ |
| 3. Surigao del Norte | Lungsod ng Surigao | 2,739.0 $km^2$ |
| 4. Surigao del Sur | Tandag | 4,522.0 $km^2$ |
| Kabuuang Sukat | | **18,816.5 $km^2$** |

May mga lalawigan at lungsod na buhat sa Rehiyon X at Rehiyon XI ang nalipat sa Caraga. Binubuo ito ng mga lalawigan ng Agusan del Norte, Agusan del Sur, Surigao del Norte at Surigao del Sur na may kabuuang sukat ng lawak ng lupa na 18,816.5 kilometrong parisukat ($km^2$). Ang mga lungsod sa rehiyong ito ay ang Butuan sa Agusan del Norte at Surigao sa Surigao del Norte.

Matatagpuan ang Caraga sa hilagang bahagi ng Mindanao. Iba-iba ang anyo ng lupa dito. Mayroong malawak na panloob na kapatagan, gayon din ang makipot na baybaying kapatagan, mga bundok at lambak. Pag-aralan ang talaan sa ibaba.

**TALAAN NG MAGAGANDANG TANAWIN SA CARAGA**

| Ang mga Lalawigan | Magagandang Tanawin | Lugar na Katatagpuan |
|---|---|---|
| 1. Agusan del Norte | Talon ng Dumag-a<br>Tinago Beach<br>Talon ng Sumaliklik<br>Kuweba ng Humilog<br>Bundok ng Minaosog | Cabadbaran<br>Carmen<br>Nasipit<br>Jabonga<br>Tubay |
| 2. Agusan del Sur | Underground Stream<br>Giant toog Trees | Prosperidad<br>Prosperidad |
| | | |
| 3. Surigao del Norte | Dayoasan Floating Barangay<br>Talon ng Sta. Monica<br>Philippine Deep<br>Kuweba ng Buenavista | Surigao City |

| | | |
|---|---|---|
| | Bitaugan "Magic" Whirlpools<br>Mabua Beach Resort | |

| | | |
|---|---|---|
| 4. Surigao del Sur | Tandag Beach Resort<br>Cagwiat White Sand Beach Resort<br>Libas Suda Hot Spring<br>PICOP Plantation | Tandag<br>Cagwait<br>San Miguel<br>Bislig |

## KLIMA

Malamig ang klima dito sa dahilang ang Caraga ay nasa bukana ng Karagatang Pasipiko. Higit na mahaba ang panahon ng tag-ulan dito. Ang malakasang pag-ulan na inihahatid minsan sa hilagang-silangan ay nangyayari kung tag-ulan at ang tag-araw ay tumatagal naman ng isa hanggang tatlong buwan.

## PANGKABUHAYAN

Pagsasaka, pangingisda, pagmimina at pagtrotroso ang karaniwang hanapbuhay sa rehiyong ito. Pag-aralan mong mabuti ang talahanayan sa ibaba at alamin ang mga industriya at produkto sa Caraga.

| INDUSTRIYA AT PRODUKTO SA Caraga | | |
|---|---|---|
| Ang mga Lalawigan | Industriya | Produkto |
| 1. Agusan del Norte | Pagsasaka | Palay, mais, niyog, gulay, |
| 2. Agusan del Sur | Pagtrotroso, pagmimina | Tabla, at produktong galing sa gubat |
| 3. Surigao del Norte | Pagtrotroso, pagmimina | Ginto, copper, iron, nickel coal |
| 4. Surigao del Sur | Pagtrotroso, wood processing | Mga produktong galing sa gubat |

Ang mga taga-Agusan at Surigao ay nag-aani ng abaka, kakaw, kapok at tabako. Ang Surigao ay isa sa mga lalawigang may malaking produksyon ng abaka. Kilala naman ang Agusan sa pag-aani ng ramie. Ito ay isang uri ng halaman ng napagkukunan ng hibla. Ginagawa itong tela.

Sagana sa kagubatan ang Caraga. Nasa Agusan ang itinuturing na Timber City ng Pilipinas. Sa mga kagubatang ito nakukuha ang mga troso na ginagawang tabla at iba pang kagamitang pangkonstruksyon. Dito rin makikita ang pinakamalaking pagawaan ng lawanit sa buong Asia. May mga deposito rin ng mineral sa Agusan at sa Pulo ng Nonoc, Surigao del Norte. Ito ang deposito ng ginto, nikel at bakal.

## SAGUTIN MO

Sagutin ang mga pagsasanay sa ibaba upang malaman mo ang iyong mga natutuhan. Gawin mo ito sa iyong kwaderno.


A. Sagutin ang bawat katanungan.


1. Saan dating kabilang ang Rehiyon XIII? ________________________
2. Ano ang sentrong panrehiyon ng Caraga? ____________________
3. Bakit mayroong higit na mahabang panahon ng tag-ulan sa Caraga? ___________________________.
4. Anong batas ang itinakda upang mabuo ang Caraga Administrative Region? ________________________.
5. Ano-anong lalawigan at lungsod ang bumubuo sa rehiyong Caraga? ________________________________.

B. Hanapin sa lipon o grupo ng mga titik sa loob ng kahon ang mga lalawigan at kabisera ng Caraga Administrative Region. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | W | J | A | Y | A | R | B | B | A | T | A | A | A | S | N | O | N | S |
| A | L | U | N | G | S | O | D | N | G | B | U | T | U | A | N | O | A | R |
| G | F | A | R | L | A | A | N | A | A | N | N | R | N | A | T | D | E | O |
| U | G | Y | A | O | N | L | O | R | W | E | I | A | A | N | R | R | D | B |
| S | A | R | F | R | A | E | N | N | D | G | A | O | A | I | A | O | I | E |
| A | L | E | F | E | G | X | A | O | A | M | D | B | G | M | N | L | M | R |
| N | A | S | U | R | I | G | A | O | D | E | L | S | U | R | G | I | E | T |
| D | R | X | Y | L | A | A | D | I | R | N | A | W | S | N | E | U | T | D |
| E | O | E | C | I | N | E | A | O | E | N | G | I | A | O | L | E | A | O |
| L | S | R | A | E | L | N | L | E | B | O | A | L | N | N | Y | R | N | R |
| N | A | O | B | N | R | O | R | A | D | N | N | A | D | A | N | O | D | E |
| O | A | L | O | B | D | I | T | P | R | O | S | P | E | R | I | D | A | D |
| R | N | R | A | A | A | A | D | A | A | B | C | L | A | C | S | S | G | U |
| T | T | E | R | M | A | D | B | L | U | G | E | G | S | T | A | R | L | C |
| E | D | N | L | N | E | E | R | A | G | I | L | O | U | A | B | A | B | S |
| C | O | L | U | N | G | S | O | D | N | G | S | U | R | I | G | A | O | E |


C. Suriing mabuti ang mapa ng Caraga. Isulat sa kuwaderno ang pangalan ng mga lalawigan at ang lungsod na hinihingi sa bawat bilang.





## TANDAAN MO

- *Ang Rehiyon XIII o Caraga Administrative Region ay itinakda sa bisa ng Batas Republika Blg. 7901 noong ika-23 ng Pebrero, 1995. Binubuo ito ng apat na lalawigan ng Agusan del Sur, Agusan del Norte, Surigao del Norte at Surigao del Sur.*
- *Pagsasaka, pangingisda, pagmimina at pagtrotroso ang pangunahing industriya ng Rehiyon.*
- *Abaka, kakaw, kapok at tabako ang pangunahing produkto ng Caraga*.
- *Ang pamimina ng ginto, nikel at bakal ay isa rin sa pangunahing industriya ng rehiyon.*



## ISAPUSO MO

Basahing mabuti ang mga sumusunod na kalagayan.

Sagutin at pangatwiranan nang buong katapatan ang mga tanong sa ibaba.

A. Ang mga punongkahoy sa kagubatan ay malaki ang naitutulong sa atin. Minsang pumasyal ka sa kagubatan kasama ng iyong tatay, nakita mo na may nagpuputol ng punongkahoy. Alam mong bawal ito. Ano ang iyong gagawin? ______________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

B. Isang araw pumasyal ka sa dalampasigan. Nakita mo ang matalik mong kaibigan na nagtatapon ng basura sa dagat. Ano ang iyong gagawin? ____________________________________________________

______________________________________________________________





**GAWIN MO**

Gumawa ka ng mapa ng Rehiyon XIII – Caraga na ginagamitan ng dinurog na balat ng itlog. Ihanda ang mga sumusunod na kagamitan.


- malinis na puting papel (typewriting) o cardboard
- dinurog na balat ng itlog
- pandikit o glue
- water color
- lapis
- pentel pen

Paraan ng Paggawa:

1. Iguhit ang mapa ng Caraga sa malinis na papel o cardboard/ illustration board.
2. Durugin ang balat ng itlog.
3. Lagyan ng pandikit o *glue* ang bahagi ng mapa na bubudburan ng dinurog na balat ng itlog. Patuyuin itong mabuti.
4. Kunin ang *water color* at pahiran/lagyan ng iba't ibang kulay ang apat na lalawigang matatagpuan sa Caraga.
5. Sundin ang sumusunod na simbolo para sa paglalagay ng kulay:

| | | |
|---|---|---|
| * | Agusan del Sur | - Pula |
| * | Agusan del Norte | - Rosas |
| * | Surigao del Norte | - Abuhan |
| * | Surigao del Sur | - Dilaw |

6. Patuyuin ang kulay at lagyan ng pangalan ang bawat bahagi na naaayon sa kinalalagyan nito.
7. Ipakita sa guro ang ginawang mapa upang ito ay mabigyan ng marka.





**SAGUTIN MO**

Sagutin ang mga sumusunod na tanong upang masukat kung hanggang saan ang inyong natutuhan. Isulat ang sagot sa kwaderno.


A. Panuto: Punan ng angkop na salita ang mga puwang sa pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| malamig | abaka | R.A. 7901 |
| ramie | palay | Timber City |

1. Ang Region ng CARAGA ay itinatag ayon sa batas ________________.
2. _________ ang klima sa Rehiyong – Caraga.
3. Kilala ang Agusan sa pag-aani ng ________________.
4. Ang Agusan ay itinuturing na ________________ ng Pilipinas.
5. Ang Surigao ay isa sa mga lalawigang may malaking produksyon ng _______________.


B. Ibigay ang katumbas na kabisera ng mga lalawigang nasa Hanay A. Piliin ang titik ng wastong sagot sa Hanay. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____ 1. Surigao del Sur | a. Lungsod ng Butuan |
| _____ 2. Agusan del Sur | b. Prosperidad |
| _____ 3. Surigao del Norte | c. Lungsod ng Marawi |
| _____ 4. Agusan del Norte | d. Tandag |
| | e. Lungsod ng Surigao |



C. Ibigay ang katumbas na kasagutan na hinihingi ng tsart. Isulat ang sagot sa puwang na nakalaan.

| Mga Lalawigan | Magagandang Tanawin | Lawak/Sukat ng Lupa |
|---|---|---|
| 1. Agusan del Sur | _______________ | _______________ |
| 2. Agusan del Norte | _______________ | _______________ |
| 3. Surigao del Norte | _______________ | _______________ |
| 4. Surigao del Sur | _______________ | _______________ |



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.